THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

# TALIBA

#574 SEPTEMBER 1- 15, 2026 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# FACEBOOK ipagbabawal - opsyon, 'sanhi' ng pagpapatay ng kabataan




Ayon kay DICT Secretary Henry Aguda, gagawin ng gobyerno ang lahat ng paraan upang hikayatin ang mga platform na sumunod sa mga kahilingan na naglalayong protektahan ang mga Pilipinong gumagamit, lalo na ang kabataan.

MANILA, Philippines — Nilinaw ng Department of Information and Communications Technology (DICT) na huling opsyon lamang ang pagbabawal sa Facebook, sa gitna ng pangamba na may kaugnayan ito sa sunud-sunod na karahasan sa mga eskuwelahan at online abuse.

Ayon kay DICT Secretary Henry Aguda, gagawin ng gobyerno ang lahat ng paraan upang hikayatin ang mga platform na sumunod sa mga kahilingan na naglalayong protektahan ang mga Pilipinong gumagamit, lalo na ang kabataan.

"Yung blocking po, trabaho ko po na siguraduhin na dapat last resort yan. Gagawin at gagawin namin ang pwede naming gawin para mag-comply ang Meta," ani Aguda.

Binanggit ni Aguda na naging epektibo ang pakikipag-ugnayan nila sa TikTok kaya't hindi nagkaroon ng malaking problema sa platform.

Samantala, dalawang pangunahing isyu ang nakikita ng DICT sa Meta. Una ay ang identity verification na kailangan upang matulungan ang mga awtoridad na matukoy ang mga gumagamit ng fake o troll accounts na nang-aabuso online, at ang mabilis na pagtanggal ng harmful content partikular na ang mga nakakaalarmang livestream gaya ng shooting incidents.

*— Pilipino Star Ngayon*

# Ekonomiya ng Canada lumaki ng 3.3% sa pangalawang quarter, ipinakita ang sharp recovery

Ekonomiya ng Canada nakabawi nang husto sa pangalawang quarter, salamat sa pagtalon ng exports at mas malakas na domestic investment, ayon sa datos ng Statistics Canada.

Lumaki ang ekonomiya sa annualized rate na 3.3 porsyento sa pangalawang quarter. Para sa buwan ng Hunyo, ang GDP ay lumaki ng 0.3 porsyento.

Ang mga export tumaas ng 3.6 porsyento ayon sa data agency, dahil sa mas mataas na auto exports.

Ang residential investment nakatulong ding i-boost ang ekonomiya, gayundin ang investment ng mga business owner, na gumastos ng mas malaki sa machinery at equipment sa pangalawang quarter. Ang business capital investment ay tumaas ng 2.3 porsyento sa pangalawang quarter, pinutol ang limang magkakasunod na quarter ng pagbaba.



*Linamar employees ina-assemble ang mga component ng isang light truck transmission sa pabrika ng Linamar, sa Guelph, Ont.*

Ang mga investment sa computer at mga peripheral tumalon ng 16.7 porsyento sa pangalawang quarter, na sinabi ng StatCan ay kaugnay ng mga uri ng processing units na ginamit sa data centres.

At ang kinikita ng mga korporasyon ay tumaas sa pangalawang quarter salamat sa energy sector. Ang mataas na halaga ng gas ay umakto bilang isang drag sa earnings ng mga manufacturing firm, na naranasan ang pagtaas ng kanilang input costs.

Noong unang bahagi ng taon na ito, ipinahiwatig ng datos ng Statistics Canada na ang ekonomiya ng Canada ay lumiit noong unang quarter, itinaas ang debate kung ang bansa ay nasa isang technical recession.

Ngunit ang release ngayong araw, binago ng data agency ang mga resulta noong unang quarter, ipinakita na ang GDP sa unang quarter ay mas positibo sa 0.3 porsyento annualized. ***-RCI***


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# GO Transit, UP Express itinaas ang multa sa higit 450% para sa hindi nagbabayad ng fare



## Ang bagong multa magiging epektibo sa Setyembre 8 para sa lahat ng sumasakay sa GO Transit, UP Express

Ang first-time offence fine ay magiging $200 mula Setyembre 8, ayon sa news release ng Metrolinx. Ito ay isang malaking pagtaas kumpara sa kasalukuyang mga multa, (bagong window) na nagsisimula sa $35 para sa unang offence, $50 para sa pangalawang offence at $100 para sa pangatlo.

Sa kasalukuyan, isang $200 na multa, kasama ang provincial offence notice, ang ihahain sa mga pasahero na may apat o higit pang fare evasion.

Sa ilalim ng mga bagong standard, sinabi ng Metrolinx na ang repeat offenders mararanasan ang pagtaas na $100 para sa bawat insidente hanggang sa ikalimang offence. Sa puntong iyon, mag-iisyu na ng provincial offence notice at ang multa ay dedeterminahin ng chief justice ng Ontario Court of Justice.

Ang anim o higit pang offence ay magreresulta sa isang court summons na may multa na hanggang $1,000, kung mako-convict, sinabi ng transit agency.

Fare evasion affects everyone, ayon sa release ng Metrolinx. Increasing fines helps protect a transit system that's reliable and sustainable for all riders.

Nag-propose ang probinsya ng mga pagbabago noong unang bahagi ng taon, sinabi na ang pagtakas sa pagbabayad ng pamasahe ay nagdudulot ng $21 milyon na pagkalugi sa Metrolinx taon-taon.

Hinikayat ng provincial transit agency ang mga commuter na iwasan ang mga multa sa pamamagitan ng pag-alala na mag-tap sa simula at pagtatapos ng bawat trip. Pinaalalahanan din nito ang mga rider na magkaroon ng tamang uri ng fare at balidong identification para sa discounted fares, tulad ng student o veteran card, sakaling may inspeksyon.

Ang fare evasion fines para sa Toronto Transit Commission ay maaaring tumaas ng hanggang $425 o maging criminal charge, depende sa specifics ng offence. . *-RCI*

"The Travel Partner You Can Trust!" tico.ca

Polaris Travel & Tours

Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

# Philippine pavilion agaw-pansin sa hindi malilimutang Heritage Fest sa Edmonton




***Kabilang sa mga nagtanghal ang grupo mula sa VISMIN Association para ipresenta ang kulturang Pinoy***

***Masayang nagtanghal sa entablado ang isang babae hawak ang isang abaniko, Edmonton, Alta.***

Ilan sa makukulay na mga eksena sa Edmonton Heritage Festival (EHF) ang agaw-pansin ngayong taon sa ibabaw man o sa eksena sa labas ng entablado. Ang iprinesenta na pagtatanghal sa kulturang Pilipino binigyang pagkilala ng mga tagapagtaguyod ng taunang piyesta para ipagdiwang ang kultura at pagkakaiba-iba.

Mahigit animnapung pavilion na nagpapakita sa kultura at pamana ng iba't ibang nasyon ang kalahok ngayong taon sa pinakamalaki at inabangan na piyesta sa Edmonton. Kabilang ang grupo ng mga Pilipino na nagtutulungan sa pangunguna ng organisasyon na layunin ang mapagbuklod ang mga asosasyon ng mga Pilipino.

"It takes a lot of planning, a lot of dedication, 'yung volunteers, 'yung board members ng COPAA, dealing with different associations, different entertainments, food establishments at marami pang ibang koordinasyon," ani Congress of the Philippines Association of Alberta (COPAA) president Melanie Angeles.

Itinayo sa iba-ibang sulok ng William Hawrelak Park ang mga entablado at sabay na nagtanghal ang mga partisipante. Nagpasiklaban na maipakita ang kani-kanyang kultura sa pamamagitan ng mga sayaw at kantahan ng iba-ibang nasyon.



*Grupo na kabilang sa mga nagpresenta ng tradisyonal na sayaw ng mga Pilipino sa idinaos na Edmonton Heritage Festival.*




*Ang Edmonton Heritage Festival ang nagbubuklod sa mga Edmontonians mula sa iba-ibang pinanggalingan na nasyon.*



**Masayang kinausap ni Rosemarie Avellanosa ang mga kababayan sa harap ng Philippine pavilion sa ginanap na Edmonton Heritage Festival, William Hawrelak Park.**

Dagsa ang mga nakisaya sa tatlong araw na EHF na sa taya ay umabot sa 300,000 katao.

Sa pavilion ng Pilipinas masaya na nakihalubilo sa mga tao si Philippine Heritage Queen Rosemarie Avellanosa. May runway fashion show kami, ifineature namin ang tribal outfit ng Luzon, Visayas at Mindanao. At ipinakita naman namin ang aming kasuotang Filipiniana, masayang sabi ni Avellanosa.

Hindi umano palalampasin ni Avellanosa ang magawa na makiisa na irepresenta ang Pilipinas sa pagtitipon ng mga Edmontonian na may background mula sa iba-ibang nasyon. Ito ay paraan ng pakikiisa sa pagpapakita ng ibang kultura at ng pagkakaiba-iba. Pero siyempre bilang heritage queen gusto ko maging kinatawan ng bansa, dagdag niya.

Umuusok sa paligid ng plasa ang samu't saring mga nilutong pagkain at mga mabibili ng tao. "We are doing the Philippine cuisine. We basically regionalize our dishes to represent the three major islands in the Philippines," sabi ni Ariel del Rosario sa panayam ng Radio Canada International.

Nagkaubusan ang mga panindang pagkain gaya ng chori burger, chicken curry, pork adobo at lechon kawali.

Mahaba rin ang pila habang hinihintay pa ang dagdag na mga maiaalok sa Philippine pavilion. "The line-up behind me is insane," sabi niya.

Gaya ng mga delegado sa ibang bansa marami ang kultural na pagtatanghal na iprinesenta sa magkaibang oras mula sa delegado ng Pilipinas. Kabilang sa mga nagsipagtanghal ang grupo na nagmula sa Visayas Mindanao Association.





**Napanood ng mga dumalo sa Edmonton Heritage Festival ang sayaw at indak ng Sinulog na isa sa pinakamalaking street festival sa Pilipinas**

Ang Edmonton Heritage Festival ang itinuturing na pinakamalaking multicultural festival sa buong Alberta.

Ikinatuwa ng mga delegado ng Pilipinas nang igawad ang Best in Entertainment matapos ang ginawang ebalwasyon ng mga hurado sa EHF.

"Our vision was to share the Sinulog story and give people a taste of the festival. So it was a three-part performance or cultural showcase," ani Jessa Aco-Kuchmak.




***Naubos ang ilan sa mga panindang pagkain sa Philippine pavilion sa dami ng mga tao. Ipinakita sa EHF ang makulay na kultura ng mga Edmontonian na magkasamang naninirahan sa lungsod na sa tala ay umaabot na sa humigit kumulang 1.3 milyong katao ang populasyon. - RCI***

# ALEX EALA MAKES HISTORY!




**Alex Eala has become the highest-ranked Southeast Asian female tennis player in WTA history, reaching a career-high World No. 18 on August 24, 2026!**

**She surpasses the previous regional record of World No. 19, set by Indonesia's Yayuk Basuki in 1997 and later matched by Thailand's Tamarine Tanasugarn in 2002**




# Pagbabago ng Klima at Ang Epekto Nito

"Sirang-sira na ang klima natin. Darating ang panahon na wala nang mabubuhay sa lupa."—The Guardian.





Napapaharap tayo sa napakalaking problema na kagagawan ng tao. Naniniwala ang maraming siyentipiko na kagagawan ng tao ang global warming o pagtaas ng temperatura ng mundo. Dahil dito, nagkaroon ng pagbabago sa klima na nagdulot ng malalaking problema, gaya ng sumusunod:

- Mas madalas at matinding pagbabago sa klima, gaya ng mga heat wave, tagtuyot, at mga bagyo, na nagdudulot ng mas maraming pagbaha at mga wildfire.
- Natutunaw na mga yelo sa Artiko.
- Pagtaas ng sea level.

Buong mundo ang apektado sa pagbabago ng klima. Matapos pag-aralan ang sitwasyon ng 193 bansa, sinabi ng New York Times: "Humihingi ng tulong ang planeta natin." Dahil napakarami nang namamatay at naaapektuhan ng pagbabago sa klima, sinabi ng World Health Organization na ito ang "pinakamalaking banta sa kalusugan ng mga tao."

Pero hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. Inihula ng Bibliya ang mga pangyayaring ito. Sinasabi rin ng Bibliya kung bakit tayo makakapagtiwala na kikilos ang Diyos at kung ano ang gagawin niya para protektahan ang kinabukasan natin.

Katuparan ba ng hula sa Bibliya ang pagbabago sa klima?

Oo. Ang pagbabago sa klima dahil sa global warming ay katulad ng mga pangyayari na inihula sa Bibliya.

Hula: 'Ipapahamak ng Diyos ang mga nagpapahamak sa lupa.'—Apocalipsis 11:18.

Inihula ng Bibliya na darating ang panahong halos masisira ang lupa dahil sa kagagawan ng tao. Dahil sa global warming, napakalaki na ng pinsalang nagawa ng tao sa lupa.

Ipinapakita ng hulang ito kung bakit hindi tayo makakaasa na kayang solusyunan ng tao ang problemang ito. Pansinin na kikilos ang Diyos sa panahong "ipinapahamak ng tao ang lupa." Totoo, gumagawa ng paraan ang ilan para solusyunan ang climate change. Pero anuman ang gawin nila, hindi pa rin nila kayang pahintuin ang mga tao na sirain ang lupa.

Hula: "Makakakita ang mga tao ng nakakatakot na mga bagay."—Lucas 21:11.

Inihula ng Bibliya na makakakita tayo ng "nakakatakot na mga bagay," o mga pangyayari, sa panahon natin. Dahil sa climate change, napakaraming nangyaring nakakatakot na sakuna sa buong mundo. Sa ngayon, may mga taong nakakaranas ng eco-anxiety—ang matinding pagkatakot na tuluyan nang lalala ang mga problema sa kapaligiran at walang matitirang buhay.

Hula: "Sa mga huling araw, magiging mapanganib at mahirap ang kalagayan. Dahil ang mga tao ay magiging makasarili, maibigin sa pera, . . . di-tapat, . . . ayaw makipagkasundo, . . . taksil, matigas ang ulo."—2 Timoteo 3:1-4.

Inihula ng Bibliya ang magiging ugali ng mga tao, at nagkaroon ng climate change dahil sa mga ugaling







ito. Mas mahalaga sa mga gobyerno at negosyante ang pag-unlad ng ekonomiya kaysa sa magiging kinabukasan ng mga tao. Kahit sinisikap nila na magtulong-tulong, hindi pa rin sila magkasundo kung paano sosolusyunan ang global warming.

Ipinapakita ng hulang ito na hindi natin aasahan na magbabago ang lahat ng tao at kikilos sila para alagaan ang lupa. Sinasabi ng Bibliya na ang mga taong ito na makasarili ay "lalo pang sásamâ."—2 Timoteo 3:13.

Kung bakit tayo makakapagtiwalang kikilos ang Diyos

Ipinapakita ng Bibliya na bilang ating Maylalang, mahalaga sa Diyos na Jehova a ang planetang Lupa at ang lahat ng nakatira dito. Tingnan ang tatlong teksto na nagpapakitang kikilos ang Diyos.

1. 1.'Hindi nilalang ng Diyos ang lupa nang walang dahilan, kundi nilikha niya ito para tirhan.'—Isaias 45:18.

Gagawin ng Diyos ang lahat ng layunin niya sa lupa. (Isaias 55:11) Hindi niya hahayaan na tuluyan itong masira o umabot sa puntong hindi na ito puwedeng tirhan.

2. 2."Ang maaamo ang magmamay-ari ng lupa, at mag-uumapaw ang kanilang kaligayahan dahil sa lubos na kapayapaan. Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, at titira sila roon magpakailanman."—Awit 37:11, 29.

Ipinangako ng Diyos na titira ang mga tao nang payapa dito sa lupa magpakailanman.

3. 3."Ang masasama ay lilipulin mula sa lupa."—Kawikaan 2:22.

Ipinangako ng Diyos na aalisin niya ang lahat ng patuloy na gumagawa ng masama, pati na ang mga sumisira sa lupa.

Kung ano ang gagawin ng Diyos para sa kinabukasan natin

Paano tutuparin ng Diyos ang mga pangako niya tungkol sa lupa? Gagamitin niya ang isang gobyerno para sa buong mundo na tinatawag na Kaharian ng Diyos. (Mateo 6:10) Mamamahala ang Kahariang ito mula sa langit. Hindi ito makikipag-ugnayan sa mga gobyerno ng tao para solusyunan ang mga problema sa lupa at sa kapaligiran. Sa halip, papalitan ng Kaharian ng Diyos ang lahat ng gobyerno ng tao.—Daniel 2:44.

Makikinabang ang lahat ng tao pati na ang kapaligiran sa mga gagawin ng Kaharian ng Diyos. (Awit 96:10-13) Tingnan kung ano ang gagawin ng Diyos na Jehova sa pamamagitan ng kaniyang Kaharian.

- Aayusin ang kapaligiran

Ang sabi ng Bibliya: "Ang ilang at ang tuyong lupain ay magsasaya, at ang tigang na kapatagan ay magagalak at mamumulaklak na gaya ng safron."—Isaias 35:1.

Ibig sabihin: Aayusin ni Jehova ang planetang Lupa, kahit pa ang mga lugar na sinira na nang husto ng mga tao.

- Pipigilan ang masasamang lagay ng panahon

Ang sabi ng Bibliya: "Pinahuhupa [ni Jehova] ang buhawi; kumakalma ang mga alon sa dagat."—Awit 107:29.

Ibig sabihin: Kontrolado ni Jehova ang lahat ng elemento. Hindi na muling magkakaroon ng masasamang lagay ng panahon.

- Tuturuan ang mga tao kung paano aalagaan ang lupa

Ang sabi ng Bibliya: "Bibigyan kita ng kaunawaan at ituturo ko sa iyo ang daan na dapat mong lakaran."—Awit 32:8.

Ibig sabihin: Ipinagkatiwala ni Jehova sa mga tao ang pangangalaga sa lupa. (Genesis 1:28; 2:15) Tuturuan niya tayo kung paano ang tamang pangangalaga sa lupa at kung paano mamumuhay nang hindi nasisira ang kalikasan.

a Jehova ang personal na pangalan ng Diyos. (Awit 83:18) Tingnan ang artikulong "Sino si Jehova?"

Sinasabi ba ng Bibliya na masusunog ang lupa dahil sa global warming?

Iniuugnay ng ilang tao ang global warming sa sinasabi ng Bibliya na "nakalaan sa apoy" ang lupa. (2 Pedro 3:7) Pero ipinapakita ng konteksto na ang talatang ito ay hindi tumutukoy sa literal na lupa o literal na apoy. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang artikulong "Magugunaw Ba ang Mundo?"

# PEACEFUL HOPE



Jehovah's Witnesses are more than a name—they are a worldwide community united by faith in Jehovah God, love for Jesus Christ, and a desire to share the Bible's hope with others. Their message is centered on God's Kingdom and the promise of a peaceful earth. - Visit **JW.ORG**

Serving our community since 2000

# Our Advertisers Refer Us To Their Friends, FIND OUT WHY.



*"Canada has a strong and active Filipino community of nearly 1 million people live in Canada. Making them the third-largest Asian Canadian group in the country and the largest from South-east Asia. The Filipino is Canada's fastest growing language."*

CALL US FOR A PACKAGE RATE TO HELP YOU GROW WITH OUR FULL TO YOUR BUSINESS

**ADVERTISE TO TALIBA...IT WORKS!** **Taliba Newspaper & Flipz Media** **647-287-1870**



TalibaFlipzMedia

## Photography Services

*Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.*

**We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.**

**Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.**

- 100+ photos $20 per photo *(with free Taliba 1/4 B&W Ads one time issue)*
- 50-90 photos $25 per photo
- 20-49 photos $30 per photo
- 10-19 photos $35 per photo
- 5-9 photos $40 per photo
- 2-4 photos $45 per photo



**Photo Specifications**

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license

**For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com**

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***